IJMERI Journal

Volume 01 Issue 04 | November 2023 Article 16

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

DOI: 10.17613/67q8-rx85

# TAGITI: Pagbuo ng Mungkahing Modyul ng mga Alamat ng mga Laboeño

**Loren S. Duza**
lorensalvadorduza@gmail.com
Teacher, Labo National High School
Camarines Norte, Philippines

**Rose Ann D. Aler**
roseann.aler@gmail.com
Assistant Professor II, Camarines Norte State College
Camarines Norte, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Duza, L. & Aler, R. A. (2023). TAGITI: Pagbuo ng Mungkahing Modyul ng mga Alamat ng mga Laboeño. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 1*(4), 228-243. https://doi.org/10.17613/67q8-rx85.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon. An appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made are indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation

ORIGINAL ARTICLE

# TAGITI: PAGBUO NG MUNGKAHING MODYUL NG MGA ALAMAT NG MGA LABOEÑO

**Loren S. Duza**[1], **Rose Ann D. Aler**[2]

[1]*Labo National High School, Camarines Norte, Philippines*
[2]*Camarines Norte State College, Camarines Norte, Philippines*




**Received:** August 2023
**Revised:** September 2023
**Accepted:** October 2023
**Available:** November 2023

## ABSTRAK

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na tumutuon ng pansin sa wika at panitikan. Bahagi ng usaping pampanitikan ang iba't ibang halimbawa nito, magmula sa maikling kuwento, kuwentong-bayan, tula, epiko at marami pang iba. Layunin ng pag-aaral na: (1) matuklasan ang nararapat na halimbawang kuwentong-bayan na maaaring maging karagdagang kagamitang pampagtuturo at pagkatuto para sa mga guro at mag-aaral sa sekondarya sa Silangang Distrito sa bayan ng Labo, (2) malaman ang uri ng kagamitang pampagtuturo na paglalapatan ng nasabing kuwentong-bayan batay sa panlasa ng mga gagamit nito, (3) malaman ang antas ng katanggapan batay sa ginagawang karagdagang kagamitang pampagtuturo. Mula sa ginawang pangangalap ng datos mula sa inisyal na sarbey na sinagutan ng mga mag-aaral mula sa ikapitong baytang at mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya, lumabas na ang alamat ang pinakabasahin at ninanais na makalap at mabuo bilang isang modyul na karagdagang kagamitang pampagtuturo at pagkatuto. Samantala sa kagamitang panturo ay nanguna ang modyul dito upang paglagyan ng napiling uri ng kuwentong-bayan para sa pag-aaral na ito. Sa pangangalap ng mga alamat, napag-alaman na may mga alamat o kasaysayan ang bawat barangay. Malaki ang tyansa na ang kagamitang nabuo sa pag-aaral na ito ang magsilbing daan upang mapreserba at manatiling buhay ang ganitong uri ng akda na sasalamin pamumuhay ng lugar na pinagmulan nito kahit lumipas man ang mahabang panahon. Ang natapos na modyul ng mga alamat ay sinuri at pinagtibay ng mga Filipinong guro mula sa Silangang Distrito sa bayan ng Labo sa pamamagitan ng pagsagot sa sarbey ng antas ng katanggapan.

***Susing-salita:*** *panitikan, kwentong-bayan, alamat, kagamitang pampagtuturo, modyul, bayan ng Labo*

## PANIMULA

Isa sa hamon na kinahaharap sa pagtuturo ng panitikan ay ang paggamit ng angkop na halimbawang akdang pampanitikan. Malaki ang nagiging impluwensiya at mas madaling natututo ang bawat isang mag-aaral kapag may naibibigay o naipapakitang halimbawa ng akdang tinatalakay. Sa puntong ito, nararapat na mayroon tayong naipapakita na mga akdang pampanitikan. May mga ginagamit nang halimbawang akda sa pagtuturo ngunit kung ang pagtutuunan ng pansin ay akdang magpapakita ng kultura, paniniwala at kaugalian ng isang lugar, matunog dito ang kuwentong mula sa iba't ibang bayan. Layunin ng mga akdang pampanitikan na bahagi ng ating kurikulum na magsilbing daan upang maipakilala ang tradisyon, paniniwala at kaugalian ng isang lugar. Bahagi na ng bawat pasalita o pasulat na babasahin ang ating kultura, paniniwala at tradisyon. Ang mga akda ding ito ang nagsisilbing salamin ng ating pagkakakilanlan at ang nagpapakita ng yamang itinago ng bawat lugar. Bawat isang lugar ay

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

may natatanging akdang nagpapakilala ng kanilang kinagawiang kilos o kultura. Ang mga akdang ito ang nagsisilbing daan upang maibahagi sa iba ang kanilang tradisyon at paniniwala. Malaki ang tulong ng bawat pasalita at pasulat na panitikan sa bawat indibidwal lalong higit sa mga lugar kung saan ito nabibilang. Ayon nga kay France (2020), ang kwentong-bayan ay binubuo ng mga kwento, mga paniniwala na tradisyonal, at mga kaugalian na nagmumula sa isang komunidad. Ito ay isinusog mula sa isa't isa sa magkakaibang henerasyon sa pamamagitan ng oral na pagkukwento o pagsasalinwika. Sa tulong ng kilos at pahayag, ito'y nagiging libreng pahayag ng kultura ng bawat pangkat ng mga tao, kung saan kasama ang mga kwento, kasabihan, mga alamat, at mga mitolohiya. Karaniwan, ito'y may koneksyon sa partikular na lugar o rehiyon sa isang bansa.

Isa sa nakitang pagkakataon sa pag-aaral na ito, ang paggamit ng mga nakahanda ng akdang pampanitikan mayroon ang sariling lugar upang mapagtuunan ng pansin ang patuloy na pagpapalaganap at pagpapaunlad ng kaugalian, paniniwala, kultura at tradisyon. Ang mga halimbawang kwentong-bayan ng mismong lugar ang mabuting gamitin sa mga ganitong pagtalakay.

Isa sa mga nakikitang daan upang mapreserba ang ganitong mga akda ay ang gamitin o maging bahagi ito ng talakayan sa loob ng klase. Sa ganitong paraan ay maalagaan ang ganitong mga akdang pampanitikan na nanggaling pa sa ating mga ninuno. Ang mga ganitong uri ng akdang pampanitikan ay talaga namang matagal nang nabuo at hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa rin sa ating mga aklat o kaya naman ay bukambibig pa rin ng mga matatanda. Ayon nga kina Gonzales et. al (1976), bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, mayroon nang iba't ibang kwentong-bayan sa ating bansa. Binubuo ito ng mga alamat, pabula, salaysayin, epiko. Nandiyan din ang mga awiting-bayan at karunungang-bayan. Sa lahat ng ito, isa sa kilalang-kilala sa mga ito ang alamat. Ayon nga kina Gonzales et. al (1976), ay nagsasaad ng mga pinagmulan ng tao, bagay o lunan. Inilalahad sa alamat kung paano nagkaroon ng mga bagay-bagay sa ating kapaligiran. Maaaring masasabi natin na naglalaman ito ng hindi kapani-paniwalang pangyayari ngunit ito nama'y sumasalamin sa kultura, paniniwala at tradisyon ng isang lugar.

Bahagi ng panitikan ang alamat, ito ay isa sa mga kwentong-bayan na ulit-ulit na tinatalakay sa sekondarya. Sa pamamagitan nito'y namumulat ang bawat mag-aaral sa mga tradisyon sa iba't ibang lugar. Ayon nga kay Guimarie (2015), mahalagang masuri ang mga akdang pampanitikan noong unang panahon sapagkat nakakatulong ito sa pag-unawa sa kasaysayan, pag-uugali ng mga tao noon, ang mga libangan o hilig, at sanhi ng kanilang kilusan. Kaya't ang pagbibigay-pansin sa mga nakasulat o pasalitang akdang ito ang magsisilbing daan upang mapreserba at hindi mawala sa sirkulasyon ng mundo ang mga inalagaang alamat ng ating mga ninuno.

Isa pa sa nagsilbing mitsa ng pag-aaral ang paggamit ng mga halimbawang alamat na nagmula sa malayong lugar kahit pa mayroon namang lokal na alamat na maaari ding gamiting bilang kagamitang panturo. Sa paggamit ng lokal na akda, mas mapapaunlad at mapag-aaralan pa ito ng mga bagong henerasyon. Ito ay magiging daan upang mapangalagaan ang pagkakakilanlan ng isang lugar at makakatulong din ito upang hindi malimot ang angking kultura at paniniwala na umiiral dito kahit pa dumaan ang mahabang panahon.

Napakalaking hamon sa bawat tagapagtaguyod ng wika't panitikan ang pagpapanatili ng interes ng bawat isang mag-aaral sa aspetong ito na pinagtutuunan ng pansin sa asignaturang Filipino. Lalo't higit sa panahon ngayong mas napagtutuunan ng pansin ang paggamit ng teknolohiya at mas ginugusto ng mag-aaral na magbasa ng makabagong akda. Sa ganitong paraan kinakailangan na mas pag-ibayuhin ang pagpapaunlad ng mga lokal na akda upang makilala at mapag-aralan pa ito ng mga susunod na henerasyon. Ito ang naging inspirasyon at daan upang pagtuunan ng mananaliksik ang pagbibigay-daan sa pag-aaral ng wika at panitikan.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito na may pamagat na "TAGITI: Pagbuo ng Mungkahing Modyul ng mga Alamat ng mga Laboeño" ay isinagawa ng mananaliksik upang malaman, at masagot ang mga sumusunod na suliranin.

1. Anong uri ng kuwentong-bayan ang madalas basahin ng guro at mag-aaral?
2. Ano-ano ang mga kuwentong-bayang mayroon ang mga Laboeño na magiging bahagi ng isasagawang mungkahing karagdagang kagamitang pampagtuturo at pagkatuto?
3. Anong kagamitang pampagtuturo at pagkatuto ang angkop na gamitin ng mga guro at mag-aaral bilang karagdagang materyal sa pag-aaral ng asignaturang Filipino?
4. May malaki kayang maiitulong ang pagkakaroon ng kalipunan ng uri ng kuwentong-bayang napili ng guro at mag-aaral?
5. Ano ang antas ng katanggapan sa pagbuo ng mungkahing kagamitang pampagtuturo sa pagpapabuti ng pag-aaral sa asignaturang Filipino?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang metodolohiyang deskriptibo sa pag-aaral. Ginamit ang "Descriptive Survey Research Design", na pamamagitan ng talatanungan (survey questionnaire) para sa inisyal na sarbey at sarbey ng antas ng katanggapan upang malikom ng mga datos para sa pag-aaral. Ang disenyong ito ay angkop para sa paksa sapagkat mas mapapadali ang pangangalap ng mga datos na makakatulong sa isasagawang pag-aaral. Ito ay isang uri ng pag-aaral na may layuning ilarawan ang populasyon, sitwasyon at hindi maipaliwanag na mga bagay-bagay sa tama at sistematikong paraan. Ito ay nakakatulong sa pagkalap ng datos na magagamit upang masagot ang mga katanungang ano, kailan, saan, at paano na may kinalaman sa isang partikular na populasyon o grupo (McCombes 2022). Ito ay kadalasang ginagamit upang makabuo ng hypothesis at sasailalim sa pag-aanalisang quantitative. Ang metodong ito ay ginamit ng mananaliksik sa pagbuo ng hypothesis na nakatulong upang masagot ang suliranin ng pananaliksik (Voxco, 2021).

Ang pag-aaral ay nagkaroon din nang pagsandig sa iba't ibang pag-aaral ng mga mananaliksik na ang layunin ay makalikom ng mga kuwentong-bayan mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Ginamit sa pangangalap ng datos ang metodo ng pakikipanayam sa paraang pakikipagkuwentuhan bilang malaking bahagi ng pananaliksik. Ang terminong kuwentuhan ay may pangkalahatang gamit na tumutukoy sa gawaing pakikipagtalastasan ngunit sa mas tiyak na paraan ay ang pagkukuwento ng istorya o storytelling na mula sa salitang kastila na cuento na maaaring magmula sa anumang uri ng naratibong pagsasalaysay lalo na ng mga matatanda sa loob ng isang komunidad (Meñez, 52). Ang metodong ito ay bahagi ng katutubong pananaliksik na may layuning makakuha ng mga datos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng opiniyon, ideya, impormasyon, pananaw, paniniwala at mga karanasan na nakapaloob sa Sikolohiyang Pilipino batay sa pananaw ni Virgilio G. Enriquez.

Bilang kabuoan, ito ay pumailalim sa kwantitatibo at kwalitatibong metodo ng pananaliksik dahil sa paggamit ng talatanungan sa inisyal na sarbey at antas ng katanggapan upang malaman ang angkop na kwentong-bayan na gagamitin sa paglikha ng kagamitang panturo at pakikipanayam sa paraang pakikipagkuwentuhan ay kasangkot sa metodong ito.

### Respondente sa Pananaliksik

Ang pag-aaral ay gumamit ng non-probability sampling upang madaling makuha ang mga datos sa mga piniling respondenteng ibinatay sa layunin ng pag-aaral.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Gagamit ng dalawang (2) teknik sa pagkuha ng sample o pamimili ng respondente ang pag-aaral para matiyak na maaasahan ang magiging resulta ng inisyal na sarbey na gagawin. Ang purposive sampling na ayon kay Crossman (2020) ay ang pagpili ng sample batay sa kanilang mga katangian at sa layunin ng pag-aaral. Ito ang ginamit sa pananaliksik upang makuha ang mga kasagutan ng mga respondenteng may angkop na katangian na hinahanap ng pag-aaral. Bumuo ang mananaliksik ng pamantayan sa pamimili ng respondente na iniangkop sa layunin ng pag-aaral. Mayroong apat na pamantayan ang nabuo para sa pamimili ng kwalipikadong respondente.

### Instrumento sa Pananaliksik

Ang pag-aaral ay mayroong tatlong bahagi: Una'y ang pagsasagawa ng inisyal na sarbey para sa guro at mag-aaral mula sa Silangang Distrito ng bayan ng Labo upang matukoy ang angkop na uri ng kwentong-bayan na pagsasama-samahin upang maging karagdagang kagamitang panturo sa asignaturang Filipino. Ikalawa'y ang pangangalap ng mga alamat sa mga barangay sa Silangang Distrito sa bayan ng Labo na siyang napili ng mga respondent upang likumin. Ikatlo'y ang pagsasagawa ng Sarbey ng Antas ng Katanggapan sa mga guro at eksperto patungkol sa natapos na kagamitang panturo. Ang sarbey ng antas ng katanggapan na ito'y ibinatay sa Website Design Feedback Survey Questionnaire and Template ng Zoho Survey at Level of Acceptance Questionaire mula kay KidIron5447.

### Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos


Ang mga sumusunod ay istadistikang kagamitang ginamit upang masuri ang datos na nakalap upang masagot ang katanungan mula sa ginawang pag-aaral:
Slovin's Formula upang mapaliit ang kabuuang populasyon ng mga respondenteng mag-aaral na kakailanganin sa isinagawang pag-aaral.
Weighted Mean upang mabigyan ng interpretasyon ang datos na lumabas mula sa isinagawang mga talatanungan.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang inisyal na sarbey ay hinati sa dalawang pangkat ng mga respondente. Ang una ay mga respondenteng nagmula sa ikapitong baytang sa sekondarya o *junior high school* at ang ikalawa ay mula sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino, nagpakadalubhasa man o hindi ngunit kasalukuyang nagtuturo. Ang lahat ng mga respondente ay pinili batay sa pamantayan ng pamimili ng respondente. Samakatuwid, ang grapikong representasyon ay naglarawan ng dalawang magkaibang resulta mula sa dalawang grupo.
Sa kabilang dako, ang sarbey para sa antas ng katanggapan ay inilarawan sa tulong ng talahanayan. Ang interpretasyon ng datos ng sarbey na ito ay pinagtibay ang kabisaan ng kagamitang pantulong na binuo ng mananaliksik bilang isa sa mga makatutulong na kagamitan sa asignaturang Filipino para sa mag-aaral at guro.

### Ang Inisyal na Sarbey

Distribusyon ng kasagutan sa tanong na "nagbabasa ba ng kuwentong-bayan?"





Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Pigura 1.1

Makikita sa pigura 1.1 ang lampas kalahating porsyento ng guro at mag-aaral na may hilig sa pagbabasa ng kuwentong-bayan. Mayroong siyamnapu't tatlo punto tatlumpu't tatlong bahagdan (93.33%) sa mga mag-aaral sa ikapitong baytang ang sumagot ng oo na may kabuuang bilang na dalawang daan animnapu't anim (266). Samantalang may anim punto animnapu't pitong bahagdan (6.67%) na may kabuuang bilang na labinsiyam na mag-aaral ang sumagot ng hindi. Sa bahagi ng mga guro, makikita na ang buong dalawampu't walong respondenteng guro ang sumagot ng oo. Ito'y sa kadahilanang may malaking kaugnayan na din sa mga paksang tinatalakay na bahagi ng kurikulum sa sekondarya, partikular sa ikapito hanggang ikawalong baytang. Ngunit mas mahaba ang saklaw ng pag-aaral ng mga ganitong uri ng panitikan sa ikapitong baytang.

Ayon nga sa sanaysay na unang binigkas bilang panayam ni Propesoryal Alfredo E. Litiatco noong Agosto 10, 1993 sa Bulwagang Pablo Nicolas sa Pamantasang De La Salle, ang Kasaysayan ng Literaturang Filipino. Ito ay nakatuon ng pansin sa pagkakaroon natin ng iba't ibang panitikan na may kaugnayan sa ating heograpiya. Ito ang nagiging dahilan kung bakit makulay at punong-puno ng kariktan ang ating mga literatura. Dahil dito'y makikita nating nagkaroon ng iba't ibang uri ng literatura ang bawat lugar na magpapakita ng kanilang pagkakakilanlan. Isa ito sa dahilan kung bakit nahihilig sa pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikan ang mga mag-aaral.

**Kuwentong-Bayan na Madalas Basahin ng mga Guro at Mag-Aaral**





Pigura 1.2

Ang pigura 1.2 na makikita sa itaas ay nagpapakita ng uri ng kuwentong-bayan na madalas basahin ng mga mag-aaral sa ikapitong baytang at ganun na din ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Silangang Distrito sa bayan ng Labo. Nangunguna ang alamat bilang pinakabasahin ng mga mag-aaral at guro. Ito'y nakakuha ng kabuuang walumpu't tatlo punto walumpu't anim na bahagdan (83.86%) na may kabuuang bilang na dalawang daan tatlumpu't siyam (239) na mag-aaral at walumpu't lima punto pitumpu't isang bahagdan (85.71%) para sa guro na may dalawampu't apat (24) na kabuuang bilang. Inalam sa bahaging ito ang interes ng mga mag-aaral at guro sa iba't ibang uri ng kuwentong-bayan.

Ayon nga kay Dègh (2001), hindi lamang dapat sa oral na paraan nakikilala ang bawat alamat, nararapat din na mayroong nakalathalang mga kopya nito. Sa pamamagitan ng pagtangkilik nito mapepreserba at mapangangalagaan ang iba't ibang akdang pampanitikan.

**Uri ng Kuwentong-Bayan na nais Malikom**





Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Pigura 1.3

Sa pigura 1.3 na nasa itaas makikita ang naging kasagutan ng mga respondenteng guro at mag-aaral patungkol sa uri ng kwentong-bayan na nais malikom kung magkakaroon ng kalipunan ng mga ito. Mula sa nasa itaas na talahanayan, makikita na nangunguna ang alamat bilang pinakanais malikom ng mga naging respondente na nakakuha ng pitumpu't isa punto limampu't walong bahagdan (71.58%) o may kabuuang bilang na dalawang daan at apat (204) na mag-aaral at walumpu't lima punto pitumpu't isang bahagdan (85.71%) o dalawampu't apat (24) na mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ang pumili sa alamat bilang kanilang gustong malikom mula sa mga uri ng kuwentong-bayan na kanilang pinagpilian. Ang katanungang ito ang daan upang malaman ng mananaliksik kung ano ang uri ng kuwentong-bayan ang kailangang malikom upang mabuo ang karagdagang kagamitang pampagtuturo at pagkatuto na magiging bunga ng isinasagawang pananaliksik.

Katulad ng naging pag-aaral ni Evasco (2000), patungkol sa mga alamat, kababalaghan bilang mitolohiyang urban na naglalayon na magsadokumento ng ilang namamayaning alamat sa lungsod. Ang pakikipanayam sa mga may katungkulan at mamamayan sa lugar ang mga naging pamamaraan sa kanyang naging pag-aaral. Ginamit din sa isinagawang pananaliksik ang pakikipanayam sa mga taong may sapat na kaalaman hinggil sa mga alamat sa bayan ng Labo. Malaki ang nagiging ambag ng panitikang oral upang manatili ang matatandang kwento ng bawat lugar. Sa pamamagitan nito'y makakakalap ng sapat na impormasyon ukol sa gagawing pag-aaral.

**Kagamitang Pampagtuturo na Kapapalooban ng Uri ng Kuwentong-Bayan na nais Malikom**




Pigura 1.4

Makikita sa pigura 1.4 ang nangunang kagamitang panturo na nais ng mga naging respondente na paglagyan ng mga napiling uri ng kwentong-bayan. Makikita na may kabuuang pitumpu punto labinpitong bahagdan (70.17%) o dalawang daang (200) mag-aaral at animnapu't apat punto dalawampu't siyam na bahagdan (64.29%) o labinwalong (18) guro ang mas pinili ang modyul bilang kagamitang paglalagyan ng napiling uri ng kwentong-bayan. Isa sa mga nakikitang dahilan sa pangunguna ng modyul ay sa kadahilanang halos kalahati ng mag-aaral ay walang elektronikong kagamitan na maaaring magamit upang makita ang gagawing kagamitan kung ito ay mangangailangan na gadgets. Kaya't nangalawa lamang ang Mobile Application na may kabuuang labinsiyam punto animnapu't limang porsyento (19.65%) o limampu't anim (56) na mag-aaral at dalawampu't isa punto apatnapu't dalawang porsyento (21.42%) o anim (6) na guro ang pumili nito.


Ayon nga sa pag-aaral nila Dimas, V. et.al. (2022) patungkol sa "Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban", ayon na din sa Kagawaran ng Edukasyon (2020), mas pinili ng maraming pamilya ang modular distance learning dahil sa kawalan ng gadgets. Mula sa pahayag na ito, makikita na limitado ang kakayahan ng bawat indibwal pagdating sa iba't ibang kagamitang may kaugnayan sa teknolohiya.

Sinabi ni McQuaide (2009) na ang mga mamamayan sa mga kanayunan ay may mas mababang pinansyal na kalagayan at labis na apektado ng geograpikal na distansya na nagdudulot ng negatibong implikasyon sa kanilang edukasyon. Ang kakulangan sa pondo ay nagiging hadlang sa pagpapalaganap ng edukasyon sa mga komunidad sa kanayunan. Sinabi din si Chimbololo (2010) sa pagsasalaysay na ang mga suliranin sa pinansyal ay patuloy na nakakaapekto sa paraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Kaya't makikita mula dito na mas pinipili ng bawat indibiwal ang mga kagamitan na mas madali nilang magagamit sa uri ng komunidad na mayroon sila.

**Pagkakaroon ng Tulong ng Kuwentong-Bayan na Malilikom**




Pigura 1.5

Matutunghayan sa pigura 1.5 ang naging kasagutan ng mga respondente kung mayroong tulong ang mga kuwentong-bayang na malilikom bilang pagkakakilanlan ng bayan ng Labo. Ayon sa kanilang naging mga kasagutan, nakakuha ng kabuuang siyamnapu't siyam punto animnapu't limang bahagdan (99.65%) o dalawang daan walumpu't apat (284) na mag-aaral at isangdaang bahagdan o dalawampu't walong (28) guro ang sumagot na mayroon tulong ang paglikom ng napili nilang kuwentong-bayan sa pagkakakilanlan ng bayan ng Labo. Ang kasagutang ito ang naging inspirasyon ng mananaliksik upang pagbutihin ang pangangalap ng mga alamat sa mga barangay sa silangang distrito sa bayan ng Labo upang magawa ng maayos at angkop ang karagdagang kagamitang ito na makakatulong sa pagtalakay ng asignaturang Filipino.

Ayon nga sa "Literatures of Western Visayas: Collection and Categorization" ang pag-aaral na isinagawa ni Cordero (2019), ang Kanlurang Bisayas ay may mayamang lokal at katutubong panitikan na sumasalamin sa kanilang kultura at tradisyon. Napakahalaga na maipon at masuri ang iba't ibang panitikan sa katutubong wika dahil may malaki itong ambag sa pagpapayaman ng panitikang Pambansa. Ang pinakapangunahing pinagmulan ng pambansang panitikan ay ang mga lokal na mga literatura. Ang pagkilala sa pinagmulan ng lokal na literatura ay may malaking kaugnayan sa pagiging makabansa. Isa pang karagdagan, ang malalim na pagpapahalaga at pag-unawa sa kultura ay nagagawa sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtuklas sa panitikan ng iba't ibang lugar. Ang paghikayat sa bawat mag-aaral na magbasa ng mga panitikan ay makakatulong upang matutunan nila ang halaga ng lokal na panitikan na pinamana ng mga ninuno at makakatulong din upang mahubog ang sarili nilang pagkakakilanlan.

Ayon naman sa "Unearthing Mythological Legends of Local Communities in Pontevedra, Capiz, Philippines", ang pag-aaral na isinagawa ni Rossandrew Banico-Villaruel na nakatuon sa mga alamat na matatagpuan sa munisipalidad ng Pontevedra, Capiz. Ang nasabing pag-aaral ay isinagawa sa 26 na iba't ibang lokal na komunidad ng nasabing bayan upang malikom ang mga kinakailangang datos. Ang mga respondente sa naturang pag-aaral ay kinapapalooban ng residente, opisyales at Municipal Planning and Development Officer ng bayan ng Pontevedra. Ayon nga kay Villaruel (2014),


> *Sa mga mamamayan ng Munisipalidad ng Pontevedra, kapag sila ay tinanong kung bakit ganoon ang pangalan ng kanilang lugar, hindi sila agad makasagot. Maaring ito'y dahil sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa alamat ng kanilang lugar, wala silang maipakitang mga tekstong pampanitikan na magpapatibay ng ideya kung bakit ang kanilang lugar ay ipinangalan dito, o hindi sila interesado na malaman ang kasaysayan ng kanilang lugar sa konteksto ng literatura nito.*

Ang kadahilanang ito ang isa sa mga nagsilbing daan upang isagawa ang nasabing pag-aaral. Nararapat lamang na ang bawat miyembro ng isang komunidad ay may alam o kaalaman sa kung paanong ang lugar o pangalan ng kanilang lugar ay nabuo. Isa ito sa magsisilbing daan upang ang mga paniniwala at kaugalian sa isang lugar na pinangalagaan ng mga ninuo ay manatili at hindi maglaho sa pagdaan ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

panahon. Isa pa sa nagiging dahilan ng paglaho ng mga ito ay ang kawalan ng nakalimbag na materyales upang ito'y mabasa at malaman ng mga kabataan sa kasalukuyan. Nararapat na ang mga nakahandang alamat ng bawat lugar ay maipon at maipalimbag ng sa ganun ay magkaroon ng mababasang kopya ang bawat isa. Maaari namang gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang makuha ang nararapat na datos hinggil sa gagawing pag-aaral ng mga nasabing alamat ng isang lugar (Villaruel, 2014).

**Kahalagahan ng Pagkakaroon ng Kalipunan ng Napiling Kuwentong-Bayan**




Pigura.1.6

Makikita sa pigura 1.6 ang mga piniling kahalagahan ng pagkakaroon ng kalipunan ng isang partikular na uri ng kuwentong-bayan. Makikita na para sa mga mag-aaral nanguna ang kasagutan na nakakatulong ang mga kalipunan ng mga alamat upang makilala ang tradisyon sa sariling bayan na nakakuha ng walumpu punto pitumpung bahagdan (80.70%) o dalawang daan tatlumpung mag-aaral. Pinangalawahan ng kasagutang naghahatid ito ng aral at nagtuturo ng mabuting asal na may pitumpu't anim punto apatnapu't siyam na bahagdan (76.49%) o dalawang daan labinwalong (218) mag-aaral. Sinundan ito ng kasagutang nadaragdagan ang kaalaman sa kinalakihang lugar, at ang huli'y madaling ituro at matutunan. Sa bahaging ito makikita na malaki ang maitutulong ng kalipunan ng uri ng kuwentong-bayan na kanilang napili upang makilala ang kaugalian, tradisyon at pamumuhay mayroon ang mga barangay sa bayan ng Labo.

Sa bahagi naman ng mga gurong respondente, halos katulad ng kasagutan ng mag-aaral. Nakakuha ang kasagutang naghahatid ito ng aral at nagtuturo ng mabuting asal at kasagutang nakakatulong upang makilala ang tradisyon sa sariling bayan ng siyamnapu't dalawa punto walumpu't anim na bahagdan (92.86%) o dalawampu't anim na guro. Sinundan ito ng kasagutang nadaragdagan ang kaalaman sa kinalakhang lugar at panghuli ang madaling ituro at matutunan. Mamamalas na malaki ang magiging ambag ng kalipunang mabubuo upang mamulat ang mga gagamit ng kagamitang mabubuo upang maunawaan at masuri nila ang kahalagahang dulot ng alamat.

Katulad ng layunin ng pag-aaral ni Sherwin Perlas na maibahagi ang ang kultura at tradisyon ng mga Romblomanon lalong higit sa mga kasalukuyang henerasyon. Ayon pa nga kay Perlas (2021),

> *Ang kahulugan ng mga alamat ay dapat ipasa sa mga susunod na henerasyon. Gayunpaman, ang problema ay ang kakulangan ng mga tagapagsalaysay ng mga alamat kaya't maraming mga bata at kabataan ang mali-inform o, sa pinakamasamang sitwasyon, walang kaalaman hinggil sa kanilang mga alamat dahil ang pagkukwento ng mga alamat ay hindi ipinagpapatuloy ng mga kasalukuyang henerasyon (Saenboonsiri et al., 2015). Samantala, ang mga alamat ay kasama na sa kurikulum, lalo na sa mga asignaturang pampanitikan, ngunit ang mga problema ay nauuwi sa pagpili at kawalan ng mga materyales. Karaniwan nang kinukuhang mga kilalang at popular na mga Tagalog na alamat ng mga guro dahil sa kawalan ng mga materyales o sa kakulangan ng kaalaman hinggil sa kanilang mga lokal na alamat.*

Kinakailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga kasalukuyang henerasyon sa mga paniniwala at kaugalian sa kanilang lugar. Malaki ang tulong ng iba't ibang panitikan, lalong higit ang alamat. Sa ganitong punto, malaki ang naitutulong ng mga panitikang lokal. Maliban sa matuto ang mga mag-aaral, mapapanatili at maaalagaan pa nito ang tradisyon, paniniwala at literatura ng isang lugar.


Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Sarbey ng Antas ng Katanggapan**

Matapos makuha ang resulta ng inisyal na sarbey, binuo na ng mananaliksik ang mungkahing modyul na TAGITI na isang kagamitang pantulong sa pag-aaral sa asignaturang Filipino, ito'y kalipunan ng mga alamat ng mga Laboeño. Upang masigurong maayos ang pagkakabuo nito, isinagawa ang sarbey ng antas ng katanggapan na sinuri ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Ang sarbey ng antas ng katanggapan ay nahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay patungkol sa pagsusuri ng nilalaman ng kagamitang pantulong at ang ikalawa ay ang kapakinabangan nito sa mga gagamit.

**Antas ng Katanggapan (Nilalaman)**




Pigura 2.1

Matutunghayan sa pigura 2.1 ang mga naging tugon ng dalawampu't walong (28) gurong naging mga tagasuri sa ginawang modyul ng mga alamat. Mayroong nakuhang kabuuang siyamnapu't anim punto apatnapu't tatlong bahagdan (96.43%) o dalawampu't pitong guro ang lubos na sumang-ayon na ang nilalaman ng kagamitan ay maayos na nakalahad at madaling maunawaan. Samantalang lahat ng gurong respondente ay lubos na sumang-ayon na ang nilalaman ng kagamitang nabuo ay makabuluhan at nakakaayang basahin at pag-aralan. Sa ikatlong bilang naman, katulad ng unang bilang dalawampu't pitong guro ang lubos na sumang-ayon na ang kagamitan ay naglalahad ng kongkretong ideya at kaalaman na may kabuuang bahagdan na siyamnapu't anim punto apatnapu't tatlo (96.43%). Ganun din sa ikaapat na katanungan na nagsasaad na ang kagamitan ay malinaw na naipahayag ang nilalaman at layunin. Samantalang ang ikahuling bilang naman ay nakakuha ng siyamnapu't dalawa punto walumpu't anim na bahagdan (92.86%) o dalawampu't anim na guro ang sumang-ayon na ang nilalaman ng kagamitan ay naipakita sa malikhaing paraan.

Ayon nga sa pag-aaral nina Olumorin, Yusuf, Ajidagba, at Jekayinfa, (2010) ang "Development of Instructional Materials from Local Resources for Art-Based Courses", ang kagamitang panturo ay tumutulong sa guro upang maging magaan at mapadali ang kanyang pagtuturo at makatulong sa mga mag-aaral upang hindi mahirapang matuto. Ang mga kagamitang panturo ay maaaring ginagamitan ng limang pandama, ang nakikita, naririnig, nahahawakan, nalalasahan at naaamoy. Batay sa pag-aaral,

> *Sa layuning ito ng papel, ang mga bahagi ng pokus ay ang mga Materyales sa Pagtuturo (I.M.) na maaaring likhain ng mga guro at mga mag-aaral gamit ang mga bagay at lokal na produkto o materyales sa kanilang mga kapaligiran. Maaring uriin ang mga materyales na ito sa mga likas na matatagpuan (tunay na bagay) at sa mga ginawang-kamay (ginawa ng mga guro at kanilang mga mag-aaral).*

Napakalaking tulong kung isasangkot ang guro at mag-aaral sa paglikha ng kagamitang panturo. Lalong higit kung isasaalang-alang din ang maaaring makuha sa komunidad na mga materyales o kagamitan sa paglikha nito. Sa ganitong paraan mapapaunlad at maprepreserba ang mga kagamitan na mayroon ang komunidad.

Maraming kailangang isaalang-alang sa pagbuo o paglikha ng modyul na pantulong sa pagtuturo at pagkatuto. Isa na sa mga kinakailangan sa paglikha nito ay ang paksang gagamitin. Ayon pa kay Uriarte (2019) mahalaga ang pagsusuri at pagpili ng mga paksa bilang pundasyon sa paggawa ng isang


Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

modyul. Ang pagbuo ng modyul ay nag-aambag ng malaking tulong sa pagpapadali ng proseso ng pagtuturo at pag-aaral para sa mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga bagong teknolohiya sa pagbuo ng modyul ay nag-aambag sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Kaya't nararapat na maging angkop ang lilikhaing modyul sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Nararapat din sa isasagawang modyul na malinaw ang mga nakalahad na gawain upang kakayanin ng mag-aaral na magawa at matapos ito kahit walang tulong mula sa kanyang magulang o guro. Ayon nga kay Flores (2012), ang modyul ay isang kasangkapan para sa pagtuturo at pag-aaral na itinataguyod at buo sa sarili nito, at naglalaman ng mga konkretong gawain na itinataguyod nang maayos. Layunin nito na mapanagot ang pag-aaral ng mag-aaral nang hindi kinakailangang may aklat o patnubay ng guro. Maaring isagawa ito sa loob ng tahanan o kahit saan sa labas ng paaralan.

Ayon naman sa "Istorya ti Naggapuan: Textual Analyses of Ilokano Legends" ni Villanueva, na nakatuon sa pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ng mga Ilokano lalong higit sa mga alamat ng nasa hilagang-kanluran ng Cagayan at Ilocos Norte. Ang nasabing pag-aaral ay sasagot sa mga katunungan tungkol sa nilalaman, damdamin, kaugalian at paraan ng pamumuhay na mga tao na masasalamin sa bawat alamat. Kaugnay din nito, makikita rin sa pag-aaral ang implikasyon ng kalipunan ng akdang Ilokano sa pagpapaunlad ng edukasyon. Kaya't ang mga lokal na kagamitang pampagtuturo ay may malaking ambag sa pagkatuto ng bawat mag-aaral.

**Antas ng Katanggapan (Kapakinabangan)**




Pigura 2.2

Makikita sa pigura 2.2 ang mga naging kasagutan ng mga gurong tagapagsuri pagtungkol sa kapakinabangan ng ginawang modyul ng mga alamat. Makikita na pumasa sa kanilang mga pagsusuri ang nabuong kagamitan. Ang una hanggang ikalawang bilang ay mayroong isandaang bahagdan (100%) o dalawampu't walong gurong lubos na sumasang-ayon na ang kagamitang nabuo ay may malaking maitutulong sa mga guro at mag-aaral sa asignaturang Filipino. Lubos din silang sumang-ayon na ang kagamitan ay daan upang makilala ang kaugalian at tradisyon ng lugar na pinagmulan ng akda. Samantalang siyamnapu't anim punto apatnapu't tatlong bahagdan (96.43%) o dalawampu't pitong guro ang lubos na sumasang-ayon na sa tulong ng kagamitan mapapanatili ang interes ng mga mag-aaral nap ag-aralan ang sariling kultura. Ang ikaapat na bilang naman ay may kabuuang siyamnapu't dalawa punto walumpu't anim na bahagdan (92.86%) o dalawampu't anim na guro ang lubos na sumasang-ayon na sa tulong ng kagamitan mapepreserba ang mga akda ng sariling lugar. Ang ikahuling bilang naman ay nagpapakita na ang lahat ng naging respondenteng gurong tagapagsuri ay lubos na sumasang-ayon na ang kagamitan ay makakatulong upang mahubog ang bawat isang mag-aaral na magkaroon ng interes at pagyabungin pa ang kanilang kaalaman tungkol sa iba't ibang akda ng lugar na pinagmulan.

Ayon nga sa naging pag-aaral ni Jocano (1965) ang "Twenty-Three Place-Name Legends" na patungkol sa mga alamat ng dalawampu't tatlong lugar sa lalawigan ng Antique. Ang pag-aaral na ito ay halos nakasentro sa mga kwento-kwento kung paanong nabuo ang mga pangalan ng mga lugar sa lalawigan

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ng Antique. Nilalayon din sa pag-aaral na maging malinaw sa lahat na ang mga alamat na kanilang narinig at nalaman ay hindi gawa-gawa lamang ng mga tao. Ang pag-aaral ay naglalaman ng lahat ng mga datos mula sa mga matatandang naninirahan sa Antique na pawang magagaling na tagapagsalaysay ng kwento tungkol sa alamat ng kanilang lugar. Ayon pa nga sa pag-aaral, pinaabot ng manunulat ang kanyang pagsisikap na ipakita kung paano gumaganap ang mga alamat bilang isang pwersang pangkultura na nag-uugma sa kasaysayan, lokal na paniniwala at mga kaugalian, mga moral na prinsipyo, at iba pang mga kustombre. Dito, nais niyang tapusin ang kanyang pagsusuri ukol sa sosyolohikal na kahulugan ng mga alamat ng pangalang-bayan sa Antique sa pamamagitan ng pagtukoy na mas may malalim na kahulugan ang mga alamat kaysa sa iniisip ng karamihan sa pamamagitan ng simpleng pag-aaral ng nakasulat na teksto.

Katulad ng ginawang pag-aaral layunin din ng pag-aaral na ito, na maging lunsaran ang matitipon na alamat bilang salamin ng kultura at kaugalian ng bayan ng Labo. Sa pamamagitan ng pasalita o pasulat na paraan, lilikumin ang lahat ng datos na may kaugnayan sa alamat.

Ayon naman sa "Myths and legends of two ethnic tribes in Palawan, Philippines" ni Socrates (2007), isang pag-aaral na nakatuon sa kultura ng pangkat-etniko na matatagpuan sa Palawan, partikular sa Pala'wans at Tagbanuas na kasalukuyan nang nanganganib dahil sa mabilis na pagbabago ng panahon. Ang kanilang tradisyon at kultura ay unti-unti nang naglalaho at hindi nabibigyang-saysay bago pa man lamang makilala at maibahagi sa mundo dahil sa pagsulpot ng mga bagong paniniwala. Ang nasabing pag-aaral ay magsisilbing gabay ng mananaliksik sa pagtitipon ng mga alamat ng Labo, ang lugar na kanyang mismong kinalakihan. Katulad ng pag-aaral gagamitin ng mananaliksik ang mga pamamaraan na ginamit sa pag-aaral na ito katulad ng pakikipagkwentuhan, paglilikom ng mga datos, at pakikipanayam sa mga tao o nanunungkulan. Isasaalang-alang din sa gagawing pag-aaral ang mga makukuha pang ibang datos na makakatulong sa gagawing pananaliksik.

Ayon naman sa pag-aaral ni Sonza (1984) na may pamagat na "History and Legend in Western Visayan Place-Names", ang mga pangalan ng mga lugar sa Pilipinas ay hindi pa lubos na napag-aaralan. Nakapaloob sa pag-aaral na ito na ang bawat pangalan, lugar o tanawin man ay may kanya-kanyang kwentong itinatago. Isinaalang-alang sa pag-aaral na ang Kanlurang Visayas ay mayroong libong pangalan at limitado pa ang ginagawang pag-aaral. Isa pa sa binigyang-diin sa nasabing pag-aaral na walang ginawang sistematikong pagsisiyasat upang tuklasin ang kasaysayan at mga alamat mayroon ang mga pangalan ng mga lugar sa Pilipinas. Sa isinagawang pagtatangkang pag-aaral, ipinakita ang kaugnayan ng kasaysayan at alamat sa mga pangalan ng mga lugar sa Kanlurang bahagi ng Visayas. Binigyang-diin din sa pag-aaral ang kahalagahan ng mga pangalan ng mga lugar sa pagsulat, pag-unawa at pagpapahalaga sa lokal na kasaysayan.

Ayon sa "Mga Piling Kuwentong-Bayang Surigaon: Isang Antolohiya" pag-aaral na ginawa ni Montenegro (2022), sa ilalim ng R.A. 9593, itinatadhana rin na ang kultura, kasaysayan, at panitikan ng turismo ay kinakailangang itaguyod sa mga kabataan at mamamayan. Ito ay naglalaman ng mga aspeto tulad ng literatura at kuwentong-bayan. Ito'y nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aalaga at pagpapalaganap ng mga kuwentong-bayan na ito. Napakahalaga nito na itaguyod ang mga ito ayon sa mga alituntunin ng ating Konstitusyon, upang maipakita sa kabataan ang kayamanan ng kultura at panitikan ng Pilipinas. Ito rin ay magbibigay ng mga mapagkukunan ng aralin para sa mga guro, lalo na sa larangan ng panitikang rehiyunal

## KONKLUSYON

Ang mga naging konklusyon sa ginawang pag-aaral ay ang mga sumusunod: (1) Mayroong handang alamat ang mga barangay sa bayan ng Labo na maaaring gamitin bilang bahagi ng talakayan sa klase; (2) Ninanais pa din ng mga mag-aaral na gamitin ang modyul bilang karagdagang kagamitan sa pagkatuto sa kadahilanang hindi lahat sa kanila ay may kagamitang elektroniko para sa mga online o

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

application na mas madaling gamitin. (3) Halos kalahati sa mga mag-aaral ang hindi alam ang kasaysayan ng kanilang barangay na pinagmulan. Nabibigla pa sila kapag tinatanong ng alamat o iba't ibang kuwentong-bayan mula sa kanilang lugar; at (4) Mas magiging kapakipakinabang ang pag-aaral ng mga iba't ibang akdang pampanitikan kung ang gagamitin ay mula sa mismong lugar na pinagmulan.

## MGA SANGGUNIAN


Abueg, E. R. (1999). Kasaysayang Oral: Ang "Kapisanang Panitikan," Ugat ng Makabagong Panitikan sa Tagalog. *MALAY, 15*(2).

Aler, R. D. (2020), Ang Konsepto ng Bayan sa mga Kuwentong-Bayan ng Camarines Norte

Altares, P., CoPo, A. R., Gabuyo, Y., Laddaran, A., Mejia, L., Policarpio, I., Tizon, H., & Yao, A. M. (2012). *Elementary Statistics. REX Book Store*.

Amadioha, S. W. (2009). The importance of instructional materials in our schools: an overview. *New Era Research Journal of Human, Educational and Sustainable Development, 2*(3), 4-9.

Amante, V. (2010). ANG UNANG GAT NG LALAWIGANG RIZAL: ISANG UNANG PAGTATANGKA

SA MULING-PAGBUBUO SA BUHAY AT KATAUHAN NI GAT SALYAN MAGINTO. *DALUMAT E-Journal, 1*(2).

Api-it, M., Barcelo, M. T., Bola, A., Francisco, C., Gajo, N., Natividad, E., Nones, G., San Juan, K. M., Trinidad, J., & Viola, B. (2020). Panitikang Rehiyunal - Ikapitong Baitang. *Bloombooks, Inc.*

Banico-villaruel, R. (2014). Unearthing Mythological Legends of Local Communities in Pontevedra, Capiz, Philippines. *JPAIR Multidisciplinary Research Journal, 16*(1).

Catipay, T. M. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7*(1).

Cordero, E. M. (2019,). Literature of Western Visayas: Collection and Categorization. In Journal of Physics: Conference Series (Vol. 1254, No. 1, p. 012038). IOP Publishing.

Cruz, I. R. (1994). Ang Kasaysayan ng Literaturang Filipino. MALAY, 12(2).

Dégh, L. (2001). Legend and belief: dialectics of a folklore genre. Indiana University Press.

Dhuibhne, É. N. (1993). 'The Old Woman as Hare': Structure and Meaning in an Irish Legend. *Folklore, 104*(1-2), 77-85.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Dimas, V. D., Desaliza, L. F., Gabito, K. C., Mostera, J. M. B., & Estera, J. E. D. (2022). Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban. *Puissant, 3,* 520-537.

Escolta, J.M., Garcia, S.M., Villareal, J.R., (2022), ANAGOLAY: E-Kagamitang Pantulong sa Pag-Aaral sa Asignaturang Filipino

Evasco, E. Y. (2000). Sa pusod ng lungsod: Mga alamat, mga kababalaghan bilang mitolohiyang urban. *Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities, 1*(1).

Fernandez, L., Gonzales, L., Velasquez, M. J., & Marin, L. C. (1976). Ako sa Nagbabagong Daigdig ng Komunikasyon at Lipunan. *Bookman, Inc*.

Flores, J. (2012). Modyul 1. Scribd. Retrieved March 24, 2023, from https://www.scribd.com/doc/94948251/modyul-1

France, T. (2020, August 5). Ano Ang Kwentong Bayan? Gabay Filipino. Retrieved March 14, 2023, fromhttps://gabay.ph/kwentongbayan/#:~:text=Ang%20kwentong%20bayan%20o%20folklore%20ay%20mga%20salaysay%2C,ng%20pagbabalibalita%20nito%20o%20pagpapahayag%20gamit%20ang%20kilos.

Ghaz, S. (2019). Ano ang Alamat. Philippine News. Retrieved March 23, 2023, from https://philnews.ph/2019/07/19/ano-ang-alamat-kahulugan-ng-alamat-halimbawa-nito/

Guimarie, Aida M. (2015). Kalinangan 8, Workteks sa Filipino (Wika at Panitikan) para sa Hayskul-REX Book Store

Henken, E. R. (2002). Escalating Danger in Contemporary Legends. *Western Folklore, 61*(3/4), 259–276. https://doi.org/10.2307/1500422

JOCANO, F. L. (1965). Twenty-three Place-Name Legends from Antique Province, *Philippines. Asian Studies Journal,* 3, 16-40.

Lucar, B. (2019). Metodo ng Pananaliksik. Scrib. Retrieved April 1, 2023, from https://www.scribd.com/document/438651750/metodo-ng-pananaliksik#:~:text=pananaliksik%20na%20kaugnay%20ng%20metodolohiya%3A%201%201.%20Pagkakategorya,Paglalahad%2FPagbibigay%20ng%20prediksyon%208%208.%20Pagtatakda%20ng%20control

Markus. (2017). Kagamitang Pampagtuturo. Scribd. Retrieved March 24, 2023, from https://www.scribd.com/document/341483246/KAGAMITANG-PAMPAGTUTURO

McCombes, S. (2022). Descriptive Research Design | Definition, Methods & Examples. Scribbr. Retrieved April 1, 2023, from https://www.scribbr.co.uk/research-methods/descriptive-research-design/

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Mommy Charlz. (2021). Alamat Kahulugan – Ano Ang Kahulugan Ng Alamat? Proud Pinoy. Retrieved March 23, 2023, from https://proudpinoy.ph/alamat/alamat-kahulugan-ano-ang-kahulugan-ng-alamat-tagalog-2021/

MONTENEGRO, M. M. (2022). MGA PILING KUWENTONG-BAYANG SURIGAON: ISANG ANTOLOHIYA. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). Volume-6,* Issue-2, pp-237-262

Mullen, P. B. (1972). Modern Legend and Rumor Theory. *Journal of the Folklore Institute, 9*(2/3), 95–109. https://doi.org/10.2307/3814160

Ramos, P. (2014). Modyul: Kagamitang Pampagtuturo. Prezi. Retrieved March 24, 2023, from https://prezi.com/atycq5ttof7m/modyul-kagamitang-pampagtuturo/

Olumorin, C. O., Yusuf, A., Ajidagba, U. A., & Jekayinfa, A. A. (2010). Development of Instructional materials from local resources for art-based courses. *Asian Journal of Information Technology, 9*(2), 107-110.

Perlas, S. M. (2021). Development of Romblomanon Legends in Comic Book Form as Mother Tongue-Based Online Supplementary Learning Resource Material in Asi, Onhan, and Ini Languages. *Romblon State University Research Journal, 3*(2).

Reyes, S. S. (1985). Ilang Problema sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pilipino. *MALAY, 4*(1-2).

Ribo, J. R. F. C. (2015). Kaidtong panahon: Isang pagsusuri sa proseso at salin sa Guinobatnon ng mga piling alamat bilang dagdag na materyal sa pagtuturo sa ikalawang baitang sa elementarya ng Guinobatan East Central School (GECS).

Socrates, N. J. (2007). Myths and legends of two ethnic tribes in Palawan, Philippines. Formerly Nature's Bulletin.

Sonza, D. P. (1984). History and Legend in Western Visayan Place-Names. *The Journal of History, 28-29*(1-2).

Turgo, N. (2014). Kumbatihan ng lunan: Talabtaban ng pag-iral sa Calvario ng Mauban (Discourses in/on space: Contestation of presence (s) in Calvario of Mauban). Daluyan: *A Journal in Filipino, 2*0, 11-40.

University of St. La Salle. Secondary Education (BE1) (2021). Kabanata 3 Metodolohiya ng Pananaliksik. Studocu. Retrieved April 1, 2023, from https://www.studocu.com/ph/document/university-of-st-la-salle/secondary-education/kabanata-3-metodolohiya-ng-pananaliksik/29397283

Uriarte, V. (2019). Pagbuo Ng Modyul Sa Pagtuturo Sa Filipino 7. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3*(2F).

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Villanueva, L. B. (2019). Istorya ti Naggapuan: Textual analyses of Ilokano legends. International *Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 8*(1), 66-80.

Yason, G. (2012). Kahulugan ng Alamat. Scrib. Retrieved March 23, 2023, from https://www.scribd.com/doc/101028302/Kahulugan-Ng-Alamat#.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.